

**SAMPUNG PISONG TULONG:** Masayang tinanggap ng mga batang paslit ang pagkaing hatid ng CJC-BED.

**CJC Community Engagement**

# Mga bata, kinalingga

Matapos lagdaan ng administrasyon ng Cor Jesu College (CJC) at mga opisyal ng Barangay Igpit noong Hulyo 3, 2013 ang kasunduan ng pakikipag-ugnayan, naging madali na ang proseso ng pagbibigay ng libreng serbisyo at tulong

sa mga residente sa lugar lalong lalo na para sa mga paslit.

Pinagtuunan ng pansin ng pamunuan ng Cor Jesu College – Basic Education Department (CJC-BED) ang “feeding program” para sa mga bata. Ito ay namula sa

pasampu-sampung pisong ambag ng mga mag-aaral buwan-buwan.

“Laking pasasalamat namin na tinulungan kami ng Br. Polycarp Foundation. Nagmula sa kanila ang mga datos na nag-udyok na sila ang abutan ng tulong

pangkalusugan,” sabi ni Madam Lizelda Torrazo, Community Engagement Coordinator.

Ito ang nagtulak sa departamento na ipagpapatuloy ang pagtulong.

*-Katherine Marie Flores*

## Libreng Pagtuturo, ipinagpatuloy ng CJC-BED

Hindi alintana ng mga guro ng Cor Jesu College – Basic Education Department

(CJC-BED) ang init at pagod na nararamdaman sa pagpunta sa lugar ng mga

kabataang uhaw sa edukasyon dala-dala ang pag-asang makapagbigay ng kaalaman sa bawat paslit na nakatira sa lugar. Ipinagpatuloy nila ang nasimulang programa noong nakaraang taon. Ito ay ang libreng pagtuturo sa mga batang hindi kayang matustusan ng mga magulang ang pag-aaral. Sinimulan ang programang ito noong ika-8 ng Setyembre na isinasagawa tuwing sabado.

Ang pagtuturo ng mga guro ay nakabase sa mga asignaturang English,

Math, Science, Filipino, at Makabayan. Ang programang ito ay naglalayong isulong ang “Education for All” ng DepEd na nakasaad sa konstitusyon ng bansa. Sa programa ng departamento, malaking pagbabago ang nito sa kabataang hindi nakakapag-aral ng pormal na edukasyon.

Naging matagumpay ito sa pagtutulungan ng Department of Education (DepEd) at Institute for Community Service and Development (ICSD).

*-Edrienne Go*



**ALAY NA KAALAMAN:** Walang kapagurang pagtuturo ang hatid ng mga guro ng CJC-BED sa mga Out-of-School youth ng Barangay Igpit.

## PAASCU Accreditation

**CJC-BED, pumasa**

Pawis, luha at puyat ang ibinuhos ng bawat miyembro ng Cor Jesu College-Basic Education Department (CJC-BED) noong nakaraang taon para paghandaan ang naitakdang pagkakasali ng nasabing departamento sa listahan ng mga accredited schools ng Philippine Association of Accrediting Schools, Colleges and Universities (PAASCU).

Sinuring mabuti ng PAASCU ang institusyon na may evaluative criteria na nahahati sa siyam na kategorya: philosophy and objectives, instruction, faculty, library, laboratories, physical plant, student

services, administration, at school and community. Iyon ay pinagpagurang inayos ng departamento upang ipasa ang nasabing akreditasyon.

Ayon kay G. Kirt Anthony R. Diaz, Ph.D., punongguro, hindi naging madali ang proseso ng akreditasyon, ngunit sa pinagkaisang gawi na binalot ng pag-asa ay napagtagumpayan ng departamento ang ebalwasyon. Dagdag pa niya, “Malaki ang pasasalamat ko sa lahat ng tumulong, nagpuyat at nagdasal para mapagtagumpayan ang akreditasyon na matagal nang minimithi ng tahananang ito.”

Sa taong kasalukuyan, natanggap ng paaralan



**EKSPLORASYON:** Masayang pinag-aralan ng mga mag-aaral sa unang baitang ang paksa sa kompyuter.

ang memorandum mula sa PAASCU, dala-dala ang positibong resulta ng akreditasyon. Ngayon, nagkaroon ng mas epektibong pasilidad at siguradong magiging mas maganda

ang kalidad ng pagtuturo sa pagtatapos ng taon. Ikinararangal na ibandera ng paaralan na PAASCU accredited na ang CJC-BED.

-Alvie Queen Paramio

**World Teachers' Day, ipinagdiwang: mga guro, binigyang-pugay**

Oktubre ang buwan na pinakamahalaga sa bawat taon, dahil sa buwan na ito naaalala ng mga mag-aaral ang kanilang mga guro. Ika-lima ng buwang nabanggit ay pagdiriwang ng World Teachers' Day. Ito ay isang araw ng pagbibigay pugay sa mga ulirang guro ng nagsilbing pangalawang magulang ng bawat isa, nag-aaral man o tapos na. Sa iba't ibang bahagi ng mundo may iba't ibang pamamaraan sa pagbibigay pugay sa mga guro.

Pero, mas kinaiinggitang ng lahat ang pagdiriwang ang mga Pilipino. Sa kadahilanang idiniklara noong 2011 ni Pangulong Benigno Aquino III ang Presidential Proclamation 242, ang pagdiriwang nga National Teachers' Month mula ika-lima ng Setyembre hanggang ika-lima ng Oktubre. Sinabi sa proklamasyong ito na ang lahat ay bibigyan ng 30 araw upang makapagpasalamat at magbigay-pugay sa mga guro.

Hinihikayat ng Department of Education (DepEd) ang paghahanda ng iba't ibang gawain kagaya ng exhibit, seminar-workshop at konsyerto na inialay sa mga guro. Mayroon din Grand World Teachers' Day Celebration noong ika-lima ng Oktubre na dinaluhan ng libo-libong guro mula sa iba't ibang parte ng bansa. Sa mga probinsyang malayo sa Maynila, ipinagdiwang nila ito sa mga sentro ng probinsya dinaluhan

ng libo-libong gurong kanilang kinasasakupan.

Sa CJC-BED, ipinagdiwang ang World Teachers' Day noong Oktubre 7, 2013. Naging matagumpay ang pagbibigay aliw ng High School Supreme Government (HSSG) at Pupils' Supreme Board (PSB) sa mag guro. Binaha ng mga bulaklak, tsokolate, liham, at regalo ang bawat guro. Natapos ang araw na may ngiti sa labi ng bawat isa.

-Jeymalyn Catu



**DETERMINASYON:** Tutok na tutok sa pagawa ang mga mag-aaral na kalahok sa taonang DSPC.

**DSPC '13****Pokus, Younkers, humakot ng parangal**

Hindi nagpatinag sa kalaban ang mga mag-aaral na kabilang sa pampaaralang pahayagan ng Cor Jesu College-Basic Education Department (CJC-BED) nang sila ay sumali sa nakaraang Division Schools Press Conference (DSPC) na ginanap sa Digos City National High School at Digos City Central Elementary School noong ika-16 hanggang ika-17 ng Oktubre.

Sampung paaralan ang naglaban-laban na masungkit ang

panalo at tatlong paaralan ang pipiliin. Nakuha ng 2 koponan ang pangalawang gantimpala. Sila ang magrepresenta ng Digos Division sa Regional Schools Press Conference (RSPC).

Ngayon, walang tulugang paghahanda at ang ginagawa ng dalawang grupo para sa patinpalak na gaganapin sa darating na Pebrero 13–15, 2014 sa Nabuturan High School, Compostela Valley Province.

-Alexes Noelle Calinao

IAMURE Multi-disciplinary Research '13

## Mga guro ng CJC, pinarangalan

Hindi maitatago ang angking galing ng mga guro ng Cor Jesu College (CJC). Mapa-nasyonal o internasyunal na paligsahan ay nakakapag-uwi ng parangal.

Inilunsad ng IAMURE International Association ang taonang Asian Conference on Multi-disciplinary Research in Higher Education 2014 (ACMRHE) noong Nobyembre 26–28, 2013 na idinaos sa Manila Marriott Hotel, Pasay City na dinaluhan ng iba't ibang lahi ng mga guro sa buong Asia.

Ang mga dumalo sa

nasabing pagtitipon na mula sa CJC ay sina: Randy A. Tudy, Ph.D. –Dekano ng Graduate School, Kirt Anthony R. Diaz, Ph.D. – Punongguro ng BED, Hermogenes C. Orion Jr, Ph.D. –Dekano ng Sunsay College Division, Letecia A. Cansancio, Ph.D. -Direktor ng Library Information and Research Center (LIRC), at Mrs. Jingle S. Navarez, RGC, MA –BED High School Guidance Counselor. Binibit nila pag-uwi ang parangal na Platinum at Diamond mula sa sinalihang patimpalak. Hinakot nila ang tropeo ng



KARANGALAN: Ngiting maningning ang ipinakita ng mga guro ng CJC matapos tanggapin ang parangal sa ACMRHE 2014.

Best in Oral Presentation, Best in PowerPoint Presentation, Best-dressed Researcher, at Best in Talent. Nasungkit din ni Dr. Randy A. Tudy ang World Research Productivity Award. Sinungkit din ni Dr. Kirt Anthony R. Diaz, na ibinulsa ang World's Best

Abstract Awardee.

“Talaga namang sila ay di mapagkakailang mga tigre ng institusyon dahil sa kanilang angking husay na ibinabandera ng buong institusyon,” komento ni Bb. Kristine Joie Labuni.

-Dorothy Lou Castro

## Mensahe ng pag-asa, umani ng suporta

Sa daming pagsubok na hinarap ng Pilipinas, nananatiling isa ang sigaw ng mga Pilipino, “May pag-asang naghihintay.”

Kapit-bisig na inilunsad ng pamahalaan ang programang pangangalap ng suporta at mensahe ng pagbibigay pag-asa sa mga biktima ng ibat ibang kalamidad sa bansa. Ito ay ang “Message of Hope.” Ito ay naglalayong makakalap ng mga mensahe mula sa apat na sulok ng Pilipinas. Sabi ng mga sikolohista, ito ay makakatulong nang malaki sa pagbangon ng mga biktima. Naniniwala ang Department of Education (DepEd) na maliban sa pagtugon ng pangunahing pangangailangan, kailangan ding pagtuunan ng pansin ang emosyonal na pagbangon upang masimulang muli ang kanilang buhay. Pinangunahan ng DepEd ang

pagkukulekta ng mensahe na idinaan sa DepEd Regional Directors (RD) at Schools Division Superintendent (SDS). Gumamit ng online advertising ang pamunuan para sa tagumpay ng programa. Maraming nagpadala ng mensahe na umabot sa mahigit kumulang 40,000 mensahe at malikhaing Christmas cards na pinagtulungan isalansan ayon sa mga lugar.

At ang makabag-damdaming liham ay mula kay Kimberly Capapas ng Sergio Osmena ng Zamboanga del Norte na nagsasaad: “Babangon tayo para sa ating bayan. Anumang pagsubok na nararamdaman natin, kailangan tayong maging matatag. Magdasal sa Panginoon kahit iba-iba ang ating relihiyon.”

-Geniel George Hermina  
at Zenith Apigo

## Modernong pagtuturo, modernong pagkatuto, inilunsad

Nakabuo ang Vibal Publishing House, Inc. ng teknolohiyang V-Smart E-learning Solution na may Facebook Features, e-textbooks, classroom learning management at E-learning system na pwedeng magamit kahit walang konneksyon sa Internet. Ito ay dinisenyo para sa mahusay na pagkatuto ng mga mag-aaral sa bansa.

Inilunsad ng V-Smart sa ikalawang pagtitipon ng “Digital Education Conference: K to

12 and Teaching and Learning with Technology” sa kampus ng PNU. Nakita ng mga dumalo ang pangangailangan sa bagong teknolohiyang ito.

Komento ni Rowena Carmona, isang guro sa elementary at sekondarya ng Santa Teresa College, Bauan, Batangas na mahalaga ang pagsabay sa agos ng modernong panahon dahil ito ang magiging susi nila tungo sa pandaigdigang buhay.

-Patricia Rocamora at Jeda Godinez

## Education in Emergencies, ipinatupad

Lubusang nasira ang buhay ng mga Pilipinong hinagupit ni Yolanda noong nakaraang ika-8 ng Nobyembre taong nakaraan.

Libo-libong paaralan ang sinira ng bagyo. “Walang iwanan,” sabi ni Br. Armin Luistro, sekretarya ng Department of Education (DepEd) sa kasagsagan ng clearing operations sa mga lugar na lubhang binayo ng bagyo.

Ito ang nag-udyok sa DepEd na ipatupad ang programang na “Education in Emergencies” na naglalayong ipagpatuloy ang pagtuturo sa mga bata. Dagdag niya na hindi sa lahat ng pagkakataon ang edukasyon ay nasa “ideal time” lalo na kapag bagyo. Kailangang mga ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga apektadong kabataan.

-Penryx Theoffe Cruda at  
Michaela Manibog

## Mapapaunlad ba ang karunungan kung ililipat ang buwan ng pasukan?

Hunyo, buwan ng pasukan na nakasanayan ng mga Pilipino. Ito ang buwan na pinakamasaya sa mga kabataang mithi ay matuto at mapaunlad ang kaalaman. Ngunit bakit ba ililipat ang buwan ng pasukan mula Hunyo patungong Agosto o Setyembre? Ano ba ang mayroon sa buwang ito na hindi nakakatulong sa pagkatuto ng bawat bata? Mas mapapaunlad ba ng pagbabagong ito ang kalidad ng edukasyon sa bansa?

Isinumiti sa senado kamakailan lang ang mosyon ng paglipat ng buwan ng pasukan na pinangunahan ni Sen. Lani Mercado-Revilla sa kadahilanang maulan ang buwan na ito. Kadalasan dito tumatama ang mga bagyo na nakakaapekto sa araw ng pagpasok. Mas mainam din daw na sa buwang Agosto o Setyembre sisimulan ang akademikong taon upang maging kagaya na ang Pilipinas sa ibang bansa. Mas madali na lang ang proseso ng paglipat-lipat ng mga estudyante lalo na sa kolehiyo. Tinanaw din nila ang posibilidad na dadayo at mag-aaral ang mga dayuhan dito. Kung ang mag-aaral dito ay ang mga magagaling na estudyante ng ibang bansa, tataas din ang posibilidad na matututo ang Pilipino ng bagong ideya mula sa kanila. Mas uunlad daw tayó.

Sa kabilang dako naman, di sang-ayon si Br. Armin Luistro, sekretarya ng DepEd, sa mosyong ito. Kung bagyo man ang naging dahilan ng pagkabuhay ng mosyong ito, di rin naman tumatama ang mga bagyo sa iisang lugar lang. Maraming tinatamaan ng mga dumadaan na bagyo. Paano maapektuhan ang pagpasok ng mga mag-aaral sa buong bansa? Ano pa ba ang silbi ng paglipat kung ang mga karatig bansa dito sa Asya ay magkakaiba rin? Dagdag din niya na karamihan sa bansa sa Asya ay hindi naman din magkakatulad ang buwan ng pasukan. Kung exchange students din naman daw ang tinitingnan, makakapagpapaunlad ng bansa, paano na lang ang proseso nito? Mas magiging madali na din sa mga taga ibang bansa na magtapos ng pag-aaral dahil mura lang mag-aral sa Pilipinas. Sinasabing mas magaling magturo ang mga Pilipino dahil sa kakayahang panlaban ng bansa sa world economy. Kung may bitbit mang husay ang taga ibang bansa, di ba natin kayang maging iba sa kanila na may parehong kakayahan? Ibig sabihin din ba nito ay tataas ang babayaran ng mga estudyante para sa pag-aaral?

Mahusay na pinagtutuunan ng pansin ng mga mambabatas ang pagpapaunlad ng edukasyon ng bansa. Para sa nakararami, sang-ayon man o hindi sa mosyong ito, ang dapat bigyang pansin ng pagpapaunlad ay ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.



## Liham sa Patnugot

*Mahal na Patnugot,*

*Kami po ay lubusang nagpapasalamat sa bagong teknolohiyang sa amin ay ipinaranas. Kami ay natututo nang mas madali at naaaliiw pa kami tuwing nagtuturo ang aming mga guro. Paking saya namin na kami ay may VPIE na magagamit sa pang-araw araw.*

*Sumasainyo,*

*Frankie Hyacinth Monteverde*

*Mahal na Patnugot,*

*Tuwing umuulan ay napuputikan ang aking sapatos at bag dahil sa maputik na daan sa dinadaanang gate sa may bandang faculty building.*

*Sumasainyo,*

*Uhea Hao*



### PATNUGUTAN

Taong Panuruan 2013–2014

**Izabel Smith**

*Pangunahing Patnugot*

**Cristle Joyce Casayas**

*Pangalawang Patnugot*

**Katherine Marie Flores**

*Patnugot sa Balita*

**Fely Joana Marie Orion**

*Patnugot sa Lathalaín*

**Patricia Rocamora**

*Patnugot sa Agham at Teknolohiya*

**Kristel Ann Sallutillo**

*Tagakuha ng Larawan*

**Penryx Theoffe Cruda**

*Patnugot sa Editorial*

**Patrick Dimallig**

*Tagaguhit*

**Mary Grace Yap**

*Tagapayo*

**Precious Joan Bacus**

*Tagapayo*

**Rodrigo Carandang**

*Konsultant*

**Edzell Bellela**

*Koordinaytor*

**Kirt Anthony Diaz, Ph.D.**

*Punongguro*



Alingawngaw

## 21st Century Skills: dapat tugunan

ni: Isabel Smith

Maraming pag-aaral ang nagpapatunay na ang panahon ngayon ay mas dumoble pa ang pagkamoderno kumpara sa nakaraang sampung taon. Pati ang bagong henerasyon ay mas mataas na ang kakayahang pisikal at abilidad na mag-isip. Ika nga nasa digital life na ang mundo. Ang kakayahang makabago at moderno ay tinawag na 21st Century Skills.

Ngunit, ang mabilis na ebolusyong ito ay hindi nahahabol ng mga sistemang pag-edukasyon sa Pilipinas. Bakit nga ba nagkakaganito?

Ayon sa pag-aaral ng mga kritiko, mahina pa ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas dahil sa napakamaraming dahilan. Nangunguna ang malaking populasyon ng mga kabataang nag-aaral, lalong lalo na sa mga mauunlad na lungsod, hindi sapat

ang silid-aralan na naging dahilan ng 1:60 na ratio ng guro at mga estudyante, pasilidad pang-agham at teknolohiya, mga aklat at iba pang magagamit sa pag-aaral.

Sa kabilang dako naman, pinag-uusapan ng mga opisyal ng Kagawaran ng Pang-edukasyon kung paano mabibigyang lunas ang mga pagkukulang na ito. Pinaglaanan ng pamahalaan ng malaking pundo ang edukasyon sa bansa. Pinagtutuunan din ang kalidad ng pagtuturo ng mga guro sa paraang nakapagbibigay ang pamahalaan ng mga seminar-workshops.

Pero ang tanong ng nakararami, kailan kaya magiging maayos ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas? Sana hindi magtagal nang ang lahat ng magiging propesyunal ay mahasa ang kanilang 21st Century Skills.

## Tugon ng Patnugot

Frankie,

Salamat sa iyong pagpapahayag ng saloobin. Ang teknolohiyang iyan ay para sa ikahuhusay at ikagagaling ninyo, mga mag-aaral sa paaralang ito. Ang pamunuan ng Cor Jesu College at Basic Education Department ay nagsasabing “walang anumang.”

Vhea,

Ipagpaumanhin mo at naging problema pa iyan sa inyo mga mag-aaral. Huwag kang mag-alala dahil gagawin namin ang lahat na maipaabot ang iyong hinaing sa pamunuan ng paaralan.

Interbyu...

## PULSO NG MASA

### Sang-ayon ka bang ilipat ang buwan ng pasukan?

-Penryx Cruda

Hindi, dahil magsisimula na namang mag-adjust ang mga mag-aaral lalo na sa elementarya. Nakasanayan na kasi ng mga Pilipino na Hunyo magbubukas ang pasukan at kahit papaano naging parte na rin ito ng kultura natin.

Venus Franconas – Estudyante

Oo, upang mas madali na lang ang makipagpalit bilang isang exchange student sa karatig bansa.

Reymond Degamo – Empleyado

Hindi, dahil hindi naman importante na baguhin ang buwan ng pasukan. Ang mas dapat baguhin ay ang kalidad ng pagtuturo upang mas tumaas ang literacy rate ng bansa.

Ivan Dunn Joel C. Deguilmo – Financial Consultant

Oo, dahil mas dadami ang araw ng pagpasok kung ililipat ito.

Mae Amor C. Escorial – Guro

Hindi, dahil kung ang gustong iwasan ay ang paparating na mga bagyo, hindi naman din tatama ang bagyo sa buong bansa o di kaya’y sa mga lugar na natamaan na. Kung hindi makakapagpapaunlad sa kalidad ng edukasyon ang paglilipat nito, huwag na lang ipagpilitan.

Jay C. Reyes – Inhenyero



Munting Tinig

## Paghahati ng probinsya, may silbi nga ba?

ni: Cristle Joyce Casayas

Noong nakaraang May Elections, kasali sa iboboto ng mga mamamayan ng probinsya ng Davao del Sur ang paghahati nito sa dalawa, Davao Occidental na sakop ang mga lungsod ng Sta. Maria, Malita, Don Marcelino, Jose Abad Santos at Sarangani at Davao del Sur na kabilang ang Malalag, Sulop, Padada, Kiblawan, Hagonoy, Matanao, Magsaysay, Bansalan, at Sta. Cruz. May silbi nga ba ang paghahating ito?

Hindi natin maipagkakaila ang angking yaman ng probinsya pagdating sa yamang agrikultura, yamang pisikal at yamang tao. Dahil sa mga yamang ito, naging maunlad ang probinsya. Ayon sa mga sumuri sa isyu, mas mainam na hatiin sa dalawa para sa nasa bandang timog ng probinsya na magkaroon ng sariling kapitolyo dahil sa may kalayuan ito sa sentro. Dagdag pa, kaya nilang tumayo na isang probinsya dahil may mapagkukunan sila ng income

mula sa pang-agrikulturang produkto. Mas mapagtutuunan din ng pansin ang pagpapaunlad ng istrukturang pisikal dahil sa pundo na ilalaan ng nasyonal na gobyerno sa kanila.


May iba ding nagsasabi na huwag na lamang hatiin. Huwag na lamang daw isipin ang isyung pulitikal ng mga nasa pamunuan. Pero mas mainam pa rin daw na iisa dahil sa malaki ang sakop nito, mas malaki ang pundong ilalaan ng gobyerno.

Ngunit, ito ba ay importante sa panahong ito? Hindi mahalaga kung sino ang mas may maraming mapagkukunan ng yaman o malayo ang lugar sa sentro. Ang mahalagang ikintal sa sarili ng bawat isa ay ang pakikiisa at pakikipagtulungan na mapaunlad ang bawat lungsod ng probinsya. Itigil na ang kung anumang personal na alitan para na rin sa mga mamamayan ng probinsyang umaasa din sa kapit-bisig na pakikipaglaban tungo sa kaunlaran.

# Tatak Com

**H**indi nagpaawat sa samut-saring aktib Department (CJC-BED) upang lalo pang sa paraang labis na pinagsisikapan ng la Excellence, Community at Apostleship, mga tungkon pagsulong sa kaunlaran ng Institusyon. Ipinakita ng bawat sa mga responsibilidad. Maraming mga musmos at kapus-patustusan ang kanilang pangangailangang pang-edukasyon kagamitang makatutulong sa pang-araw-araw na gawain ng mga gurong pinatapos sa matataas na antas ng Edukasyon ang pagpasa ng Philippine Association of Accrediting Schools noong nakaraang taon at iba't ibang parangal sa larangan ng pangkasalukuyan. Puspulang paghahanda rin ang ginagawa ang PAASCU level II. Iilan lamang ito sa nagawa at naipakit Ang pagtulong sa kapwa ang isa rin sa binigyang pansin ang mga dahilan ng pagkakalugmog ng mga taong tinutulong mga batang nais makamit ang munting pangarap, pagbibig pagkain at pampaaralan ang iilan sa ibinibigay sa mga nang at karagatan, pagtatanim sa bakuran o sa ibang pang meyembro ng organisasyon, mapa Academic man o Non- "Sampung Piso, Alay ko Sa inyo" ng bawat klase na batang pinag-aaral ng Institusyon.

Hindi man maisa-isa, ngunit ang pagtulong ang laging nakatatak sa puso at isipan. Tiwag at pagmamahal sa kapwa ang patunay n




# Cor Jesunista

...idadis ang Cor Jesu College-Basic Education  
...g paigtingin ang kakayahang tumulong at umunlad  
...hat.

...g batong naging susi at daan sa matagumpay na  
...niyembro ng departamento ang pakikiisa sa paggampan  
...lad na inambagan ng tulong ng bawat mag-aaral upang  
...at pangkalusugan. Mayroong mga makabagong biniling  
...bawat guro at mag-aaral, bagong ipinatayong gusali at  
...upang mapaunlad pa ang pagtuturo. Isa sa patunay dito  
...s, Colleges and Universities (PAASCU) level I ng BED  
...gham, isports at pang-akademya mula noon hanggang sa  
...g bawat isa sa susunod pang mga hakbang upang maipasa  
...tang kakayahan ng bawat kabilang ng institusyon.  
...g bawat isa. Sakuna, kakulangan sa pundo o kahirapan  
...ngan ng departamento. Pagpapakain at pagpapaaral sa  
...igay ng pangangailangang kagamitan gaya ng damit,  
...salanta ng bagyo, sunog o baha. Paglilinis sa bakuran  
...pamayanan ang kabilang sa mga gawain ng bawat  
...n-Academic. Pinapaigting din ang buwan-buwang  
...naglalayong mapakain at makatulong sa mga

...sa kapwa at pagpapaunlad sa pamayanan  
...ala sa sarili at sa maykapal, panindigan  
...na TATAK COR JESUNISTA!

-Fely Joana Marie Orion



# GANTI NG KALIKASAN

Mainit, malamig at maaliwalas ang karaniwang nararamdaman ko sa pabagu-bagong panahon dito sa siyudad ng Digos. Kinakailangan ng payong, pamaypay at tubig pampawi sa katawang hindi mawari. Kadalasay nagdadasal na sanay makatungo sa lugar na laging maaliwalas, maraming mapupuntahang magagandang tanawin o mapapasyalan man lamang.

Digos, ang lugar na kung saan ako namulat. Munting siyudad na unti-unti pa lamang umuunlad. May mga bagong gusaling mas maliit

kaysa sa iba, ang laging nakikita at mga pasyalang nakakabato na. Laging ipinagdarasal na sana gaya ng Cebu, Davao o Maynila na may maraming Shopping malls na pwedeng pasyalan. Hindi yaong naiinggit sa iilang kakilala, nalilito na kung saan sila pupunta, habang kami rito namimili lamang sa dalawa.

Ngunit noong narinig ko ang samut-saring balita sa radyo, telebisyon at diyaryo ako'y nasindak. Halos lahat ng ari-ariaan ng mga nais kong siyudad ay nawasak. Kalamidad doon palay mahilig tumambay,

pati mumunting bahay ay tinatangay. "Diyos ko," ang aking sambit, nakakaawang pagmasdan ang bawat pamilyang apektado ng baha at tsunaming napapabalita. Iyak na halos hindi na marinig sa kaba, pamamahay nila'y sirang-sira na at iilang mahal sa buhay na nawalay sa kanila.

Lindol, ang sumira rin sa iilang ari-arian sa iilang lugar ng Cebu at Bohol. Halos, 'di ko maintindihan ang aking nadarama, kamakailan lang aking pinapangarap na magagandang tanawin ngayo'y wala na.

Bagsik, makamandag

ang terminong ginagamit sa mga kalamidad ng ating bansa. Tama nga, para akong mamamatay sa kaba noong baha at lindol ay sunud-sunod na bumisita. Di ko maipaliwanang ang nadarama, mahal sa buhay ang agad kong inalala at naisip ang karumaldumal na kinahihinatnan ng iba. Buti na lamang ay huminto agad, nagpaalam at tuluyan nang lumisan. Napagtanto kong, 'di bali walang mapapasyalan ang mahalaga tayo'y ligtas at may mahal sa buhay pang masasandalan.

-Alexes Noelle Calinao at  
Patrick Dimailig

## PAGBABAGONG DI KAAYA-AYA

ni: Trisha Te

*Kalikasang kay payapa ang aking namulatan,  
Kagandahan ng paligid ang siyang nasaksihan,  
Masarap na simoy ng hangin ang aking nilalanghap,  
Di ko mawari pakiramdam na kay sarap.*

*Bulaklak sa hardin na aking pinipitas,  
Mayroong mga matatamis at malinamman na prutas,  
Mga punong aking inaakyat-baba,  
Sikat ng araw ay 'di inaalintana.*

*Habang ako'y nangangarap,  
kalikasang maganda'y din na mahagilap,  
Bagyo, baha, lindol ang mga sakuna,  
na ngayo'y sa kapaligirang unti-unting sumisira.*

*Ano nga ba ang nangyari sa ating kapaligiran?  
Totoo bang mga tao din ang may kasalanan?  
Siguro nga'y tayo'y nagpabaya,  
Kagandahan ng ating kapaligiran ngayo'y nawala.*

## Pantasyang natupad ng isang Pilipina

Pangarap, ang umuudyok sa tao upang malampasan ang hirap at laro ng buhay. Sino ba sa atin ang walang pangarap? Pangarap na makamit ang tunay na kalayaan sa problemang pinansiyal at lalong lalo na ang pagiging kilala sa buong mundo?

**N a m u l a t**  
sa kahirapan ang isang Pilipinang nangibang



bansa upang matustusan lamang ang mga pangangailangan ng pamilya. Rose "Osang" Fastanes, isang Overseas Filipino Worker ng Israel na tiinis na malayo sa mga mahal sa buhay ng anim na taon para mag-alaga ng ibang tao. Caregiver, ang trabahong pinagsisikapang mapabuti sapagkat "working permit" lamang ang hawak nito at hindi "residency permit" na makapagsilbi sa mga Israel.

Maliban sa kanyang kasipagan ay may tinatagong talento si Osang sa pagkanta. Isang awdisyon ang naging dahilan ng kanyang paglabas muli sa entablado sa udyok ng kanyang mga kasamahang upang siya ay sumali.

Pinamalas niya ang kanyang galing kahit sa pag-aalinlangang sumali sa kadahilanang batang-bata at magagalang ang

mga nakakalaban sa booth camp pa lang. Diskriminasyon, ang laging naisaisip ni Osang sa mga contest na kanyang sinasalihan, kaya hindi niya inaasahan ang pagpasok sa unang round. Nagsilbing daan ito upang maibalik ang lakas ng loob upang labanan ang kaba sa "judges house," sa "live show" at hanggang sa "finals." Hindi makapaniwala ang 47 taong gulang na si Osang sa kanyang nakamit na kapanalunan. Hinirang siyang kaunaunahang babaeng Pilipinang nagwagi sa "X-Factor" Israel. Isang pantasyang hindi inaasahan ng Pilipinang nagsikap sa pag-aalaga ng ibang tao na ngayo'y kilala na sa buong mundo.

Angking galing at paniniwala sa sarili ang mga katangiang mayroon ang mga Pilipinong tulad ni Osang. Pagmamahal sa pamilya at sa bayan ang mga dahilan ng pagsisikap matupad lang ang mga pangarap.

-Mikhaela Marcel Alcovindas at  
Andrew Paul Torreon



# Sampung Gadgets, bibinta sa taong 2014

ni: Kristelle Ann Salutillo at Edrienne Go

Sa bagong taon na dumarating sa buhay ng tao, sumasabay nito ang pag-angat ng modernong mundo. May mga bagong gadgets na aabangan ang publiko sa pagdating ng bagong taon. Sampo sa mga produktong ito na papatok sa merkado sa taong 2014 ayon sa Microsoft Network (MSN) ay ang mga sumusunod:



**Eksperimento**

## Buhawi sa loob ng *bote*

ni: Patick Dimailig at Adrian Pol Jabonero

Matuto kung paano makabubuo ng buhawi sa loob ng bote gamit ang mga bagay na makikita natin sa bahay gaya ng "dish washing liquid," tubig, "glitter," at bote. Makagagawa ka na ng maliit na buhawi sa loob ng bote. Sundin lamang ang panuto.

**Gagamitin:**

- tubig
- malinis na boteng plastik na may takip (siguraduhing walang butas)
- glitter
- dish washing liquid

**Panuto:**

1. Lagyan ng tubig ang boteng plastik hanggang sa umabot ng lampas kalahati.
2. Lagyan ng iilang patak ng dish washing liquid.
3. Budburan ng iilang dampot ng glitter.
4. Takpang mabuti ang bote.
5. Baliktarin ang bote patiwari at hawakan sa leeg. Iktin ang bote nang mabilisan na pabilog ang direksyon ng iilang segundo. Ihinto ang pag-ikot at tingnan kung makikita mo ang maliit na buhawing nabuo sa loob.
6. Kung hindi makita ang resulta, ulitin lang ang pag-ikot sa bote.

**Paalala:** Magpatulong sa nakatatanda kung hindi kayang gawin ito.



**Tribya**

### ALAM MO BA?

Geniel George Hermina at Trisha Te

- Ang lamang-dagat na HYDRA ay hindi tumatanda at hindi namamatay.
- Ang dugo ng tao ay dumadaloy sa buong katawan ng 20 segundo lamang.
- Ang iyong ilong ay kasing-taas lang din ng iyong hinlilit na daliri.
- Ang kidlat ay mahigit sa tatlong beses ang init kaysa sa araw.
- Ang dinamita ay mayroong mani bilang sangkap nito.
- Ang yeso o tsok ng guro ay gawa sa trilyong maliliit na buto ng mga planktons (lamang-dagat).
- Ang mainit na tubig ay mas madaling patigas kaysa sa malamig na tubig. Ito ay tinatawag na Mpemba Effect

(Kinuha sa Scienstational Facts )

## Imbensyon

# Benepisyong hatid ng 2BIG Power at Tubig-powered Machine

Pagtulong sa kapwa Pilipino ang nag-udyok kay Stevenson “Steve” Rejuso na siyang umimbento ng LED Lamp Portable DC Generator o tinawag niyang 2BIG POWER. Ang imbensyong ito any nakakabuo ng enerhiya at nagagawang pailawin ang LED bulb gamit ang tubig.

Sabin ni Rejuso, ang ilaw ng 2BIG POWER ay umaabot mula tatlo hanggang apat na araw depende sa dami ng tubig na may kakayahanag bumuo ng 3–10 watts. Dagdag pa niya, hindi kailangan na malinis na tubig upang ito ay umilaw. Pwedeng gumamit ng maduming tubig,

tubig-dagat, preskong tubig, at kahit buko juice o tubig na nagamit na.

Kasama ng imbensyong ito ay ang Tubig-powered Machine na magagamit sa mga lugar na may kakulangan sa suplay ng kuryente. Ito ay nakakatulong pansindi ng flashlight, poste, pagkakarga ng enerhiya sa mga baterya at baterya ng “cellular phones.” Ito din ay pwedeng gamitin upang tumunog ang radyo o kahit pa ilawan ang isang buong pamayanan nang dalawang linggo. Ito ay pareho din ng 2BIG POWER na gumagamit ng tubig.


Si Rejuso ay kasapi ng

Filipino Inventors Society (FIS). Siya ay kilala dito Pilipinas maging sa ibang bansa. Sinabi niya sa isang panayam sa telebisyon ng marami ang interesado na bilhin ang kanyang imbensyon. Ngunit, hindi niya ito tinanggap dahil mas gusto niyang ang mga Pilipino ang unang makinabang nito.

Ang kanyang mga imbensyon ay may malaking maitutulong na mabawasan ang sakuna gaya ng sunog. Pwede ding pakinabangan ng mga komunidad na kulang ang suplay ng kuryente. Dagdag pa, ang pangalawang imbensyon daw ay ginagamit na ng Brgy.

Lagro, Quezon City, Metro Manila. Makakatulong ang mga imbensyong ito sa mga liblib na lugar ng Pilipinas na walang kuryente ng maiparanas.

-Zenith Apigo  
at Patricia Rocamora



## Usaping Pangkalusugan

## Angking galing ng Mansanas

Naglipana na ang mga fast food sa Pilipinas. Nakakatakam kasi ang mga pagkaing mula sa mga ito. Minsan sa sobrang dami ng ginagawa sa buhay, wala ng oras maghanda ng sariling masusustansyang pagkain. Sa palaging pagkain ng mga instant food sa fast food, sakit ang maidudulot. Kailangan dumaan ang katawan sa detoxification o paglilinis.

Ang detoxification ay ang proseso ng paglilinis o pagkukuha ng mga nakasisirang toxins na nagmula sa ating kinakain at iniinom na makasisira sa katawan.

Ang unang

dedepensa sa mga toxins ay ang atay. Sinasala nito ang mga toxins upang hindi masali sa dugo.

Ayon sa pag-aaral, ang mansanas ay isa sa mga detoxifiers o naglilinis dahil ito ay may fiber, vitamis, minerals at ibang pang phytochemicals tulad ng D-Glucarate, flavonoids at terpenoids na nakatutulong sa proseso ng paglilinis. Sa isang mansanas, ang flavonoids na tinatawag ay nakatutulong sa pagbuo ng apdo na nagdedepensa sa atay laban sa mga delikadong toxins. Dagdag pa nito, ang mansanas ay mapagkukunan din ng natutunaw na fiber pectin na nakatutulong mawala ang metal at mga artipisyal na pampalasa sa ating dugo.

Paalala ng mga eksperto, kailangan din siguraduhing malinis at wala ng kemikal ang mga mansanas na bilbihin.

-Jeda Godinez at  
Michaela Manibog


## 36 na pagkain: panlinis at panlunas

-Katherine Flores at Kristelle Ann Salutillo

Pagkain ng masasarap na pagkain ang hilig nating mga Pilipino. Kahit hindi natin alam kung makakatulong ba o makakasama ang mga ito sa ating katawan. *Hindi din natin nakagawian na linisin kaya nagkakasakit tayo. kailangang matanggal looban. Detoxification ito. Ito ay ang paglilinis katawan sa loob man mawala ang mga delikadong toxins mula sa ating kinakain at iniinom na nagdadala ng maraming sakit. Upang matulungan tayong linisin ang ating katawan, may 36 na pagakaing panlinis at panlunas na rin.*



1. Artichokes
2. Mansanas (*Apples*)
3. Almon (*Almonds*)
4. Esparago (*Asparagus*)
5. Abokado (*Avocados*)
6. Balangoy (*Basil*)
7. Aselga (*Beets*)
8. Baya (*Blueberries*)
9. Brazil Nuts
10. Brokoli (*Broccoli*)
11. Broccoli Sprouts
12. Repolyo (*Cabbage*)
13. Cilantro
14. Kanela (*Cinnamon*)
15. Kranberya (*Cranberries*)
16. Dandelyon (*Dandelions*)
17. Fennel
18. Flaxseeds
19. Bawang (*Garlic*)
20. Luya (*Ginger*)
21. Goji Berries
22. Ubas (*Grape Fruit*)
23. Tsaang Berde (*Green Tea*)
24. Hemp
25. Kale
26. Tanglad (*Lemongrass*)
27. Limon (*Lemons*)
28. Langis ng Oliba (*Olive Oil*)
29. Sibuyas (*Onions*)
30. Pinya (*Pineapples*)
31. Parsley
32. Damong-dagat (*Sea Weeds*)
33. Sesame Seeds
34. Luyang Dilaw (*Turmeric*)
35. Kangkong (*Watercress*)
36. Damong Trigo (*Wheatgrass*)



# Amit, nasungkit ang kampeonato ng World's Women 10-Ball

Muli na namang nabigyan ng karangalan ang Pilipinas nang itanghal na World's Women 10-Ball Champion si Rubelin Amit noong ika-4 ng Nobyembre na ginanap sa Resorts World Manila nang tinalo niya si Kelly Fisher ng England. Ngipin sa ngipin ang naging laban ng dalawa at tinapos ni Amit sa isang rail cut sa 10-ball sa 17th rack.

Hindi naging madali ang laban para kay Amit ngunit masuwerteng tira ang binitawan at nagkamit

ng lucky breaks sa huli. Sinabi ni Amit sa isang panayam na siya ay parang nasa langit na nang manalo at nagkamit ng kumikinang na \$21, 000 (P909, 000). "This is a wonderful win because I didn't expect this. But I prepared hard. I surrendered my game to God and left it to Him. He wanted me to win," dagdag niya.

Maraming palya ang nagawa ni Amit sa mesa ngunit ipinagpatuloy niya ang laro na may tiwala na makakamit ang panalo sa

laban.

"It wasn't perfect and I just kept working on my game as the match went on," sabi ni Amit. "I felt a lot of pressure but the crowd has been so nice. They gave me plenty of confidence. I feel so blessed," sabi niya.

-Moirra Aves

MAPALAD NA TIRA: Mahusay na tira ang binitawan ni Amit na maipasok ang mga bola upang makamit ang kampeonato.

## Mga Larong Pinoy na uso noon hanggang ngayon!

-Kim Flores

**Tagu-taguan** - 1, 2, 3... 8, 9, 10 GAME? Tapos may sisigaw "OO GAME NA!" Edi nalaman kung saan siya, kawawang bata. Ito naman eh yung hahanapin mo ang kalaro mo na nagtatago kung saan saan, minsan sa likod ng poste, sa likod ng puno, sa mga butas butas at marami pang iba kung saan saan pa nakatago ang mga ito. Kapag nahuli mo lahat sila sasabihan mo eh BOOM!!! Tapos tatakbo ka sa base kung saan ka nagbilang at kapag nauna kang makipag base sa nahuli mo, siya naman ang taya.

**Chinese Garter** - wala bang Pinoy Garter? Alam rin ang larong ito bilang Ten Twenty, pwede rin namang gawin na parang Limbo

Rock ang garter na ito. Ito pa ang isa sa mga larong maaring makita mo pa sa daan, isa pang laro ng mga kababaihan.

**Ice Ice Baby** - ito naman ang larong parang habulan din, pero kapag nahuli ka eh titigas ka at kapag nahuling gumalaw ka ikaw naman ang taya. Kailangan may isang kasali na hahawak sayo at pwede ka na ulit gumalaw.

**Luksong tinik** - oo tama ang nabasa mo, bukod sa baka meron pang tinik. Ito naman eh may dalawang tao na taya at nakaupo itong dalawa, gamit ang paa at kamay para mapataas ang bagay na tatalunan mo, at kapag sumabit ka ikaw naman ang taya.

### Lathalaing Pampalakasan

## Hiwaga ng tagumpay

Ang pagkamit ng tagumpay ay isang malaking karangalan bilang isang manlalaro. Naging tanyag na nga ba ang mga Pilipino sa larangang ito? Paano nila nakamit ang tagumpay?

Sunod-sunod na ang mga natanggap na parangal ng mga Pilipino sa larangan ng isports. Isang patunay dito ang ating "People's Champ" na si Manny Pacquiao at "The Filipino Flash" na si Nonito Donaire sa larangan ng boksing. Pinupuri rin ang anking kakayahan sa larangan ng Billiards ngayong taon ang kampeon na si Rubelin Amit at ang "Philippine Azkals" na nagpaangat sa Pilipinas sa larong soccer.

Kitang-kita ang pagiging aktibo ng mga Pilipinong manlalaro base sa mga balita at impormasyon sa

tuwing may labanan sa loob man o labas ng bansa. Ang pananalig sa Maykapal ang nangungunang sangkap sa tagumpay na tinatamasa ng bawat manlalaro, kasunod dito ang pagmamahal sa ginagawa at kagandahang asal. Dagdag dito ang pagiging positibo sa lahat ng oras upang mapagtagumpayan ang anumang larong papasukan.

Ang isports ang isa sa lubos na pinasasalamatang Pilipinas sapagkat ito ang isa sa mga dahilan ng pag-unlad ng bansa at sa pagiging kilala sa buong mundo. Patuloy na nananalangin at pinagsisikap ng bawat mamamayang Pilipinong manlalaro ang pagpapanatiling kampeon sa kanilang tinatahak na larangan na hatid sa atin ang hiwaga ng tagumpay.

-Fely Joana Marie Orion



## Montinola, nag-uwi ng ginto



**GININTUANG NGITI:** Ipinakita ni Jeff Montinola ang ngiti ng isang kampeon na inuwi ang ginto.

Isang sipang makamandag na cutting at mga impresibong turning sides ang hatid na depensa ni Jeff Benedict Montinola, Red Armor, sa kanyang kupunan na si Raphael Reynoso, Blue Armor, na naging madali ang pagbagsak nito, 1-0. Noong ika-7 ng Disyembre 2013 sa Mlang, Cotabato

City nang ipinagdiwang ang kadayawan Festival.

“Naging matibay at walang takot na lumaban si Jeff,” ayon sa isa sa nakapanood ng laban. Sa isang hamon, hatid ni Montinola ang mga aktibong turning side movements kay Reynoso. Nagpamalas si Montinola ng isang makabuluhang cutting

kick na naging dahilan sa pagsuko ni Reynoso sa loob ng sampung segundo lamang.

“Ako’y nagpapasalamat sa Panginoon sa panibagong tagumpay at sa aking mga magulang na walang sawang sumusuporta,” wika ni Jeff Benedict Montinola, Blue Armor.

*-Isabel Smith*

## Superal at Bagsit, binigyang-pugay ng PSA

Pinarangalan ng Philippine Sportswriter Association (PSA), kasama pa ang ibang isponsor, ang 208 Pilipinong manlalaro lalong-lalo na ang dalawang manlalaro, Princess Mary Speral at Archand Chistian Bagsit, na nag-uwi, hindi lang isa kundi dalawang ginto, pagkatapos sumabak sa taonang 27th Southeast Asian Games na ginanap sa Myanmar noong ika-11 ng Disyembre hanggang ika-22 taong 2013. Ginanap ang pagpaparantal sa Centennial Hall ng Manila Hotel noong Enero 25, 2013.

Naging kampeon si Superal sa larangan ng golf na nakakuha ng 72-66-72 na iskor sa indibidwal na laro at nanguna rin sa team event. Nilampasan niya ang mga dating kampeon sa nasabing isport. Nasungkit naman ni Bagsit ang ginto sa larangan

ng track and field na tinahak ang 400-m at 4 x 400-m track. Ngayon, ang Pilipinas ay nasa ika-7 pwesto sa pagkalahatang resulta.

Ang dalawa, kasama ng 208 malalakas na Pilipinong manlalaro ay binigyang-pugay hindi lang sa dahilan ng panalong hinakot nila para sa karangalan ng bansa pati na rin sa dedikasyon at sakripisyong inalay para sa bansa kahit pa dinaanan ng maraming pagsubok. Hindi nagpatinag sa mga katunggali ang koponan. Ito ay nagsilbing inspirasyon sa mga Pilipino na mas galingan pa ang pagpapahusay ng sariling kakayahan hindi lang sa larangan ng isports pati na rin sa ibang larangan na makatutulong sa pag-akyat ng bansang Pilipinas sa tuktok ng kaunlaran.

*-Moira Avez*



**LAKAS NG PINOY:** Ibinuhos nina Superal at Bagsit ang lahat ng kanilang galing upang maiuwi ang dobleng-ginto para sa bansa.